**BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?**
**FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL**
**Lesson 2**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Fake News sa Panahon ng COVID-19 Pandemic".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

| **Bata, May Tanong ka ba tungkol sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 2** |
|---|
| Sources: Department of Health, Tabloids & Govt. Press Releases |

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Kiko ng Quezon City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, totoo po ba ang nabasa ko na ang Coronavirus ay ginawa po ng isang scientist sa isang laboratory upang maubos ang populasyon ng mundo? Hinihintay daw po ng scientist na ito na maubos ang 100 Bilyong tao.

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Magandang Araw, Kiko!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Pero bago kita sagutin, saan mo ba nabasa ang teksto na ito? 🤔

Sa World Health Organization (WHO)?
Sa Department of Health (DOH)?
Sa Facebook?
O, sa pinasa-pasang text messages?

Ayon!

Nakita na ni Teacher ang naturang mensahe mula sa isang Facebook Account. 📱

"Nakatanggap ako ng balita mula sa aking kaibigan sa Facebook. Laking gulat ko noong mabasa ko na ang coronaviruses ay gawa raw ng isang siyentista mula sa isang hindi nabanggit na bansa. Hangad daw nito na patayin ang 100 bilyong tao upang bawasan ang lumalaking populasyon ng mundo. Sinasabing gumawa rin daw ito ng bakuna ngunit hindi pinupubliko. 👨🏽🔬🧫💉

OMG! 😱 Hindi ko alam kung totoo ba ito o peke."

Sa unang basa, kapani-paniwala nga! Ang nakapagtataka, sa tao nagmula ang impormasyon at hindi sa maaasahang ahensyang pangkalusugan ng gobyerno - Department of Health (DOH) o World Health Organization (WHO). Hindi rin nabanggit ang pangalan at pinagmulan ng scientist. Hmm. Kanino nga kaya nagmula ito? 👤

Nabanggit din ang 100 Bilyong tao; ngunit, ayon sa World-o-Meter, tumatayang nasa humigit kumulang 7.8 Bilyon lang ang populasyon sa buong mundo. 🌏👥

Hindi ba't sobrang laki ng diperensya ng 100 Bilyon sa 7.8 Bilyon? Kung totoo nga ang mensahe, saan kaya nakatira ang 92.2 Bilyon na sobrang tao? Invisible ba sila? O baka naman nasa outerspace? 🌌

Ngayon, dapat ba tayong maniwala sa tekstong ito kung hindi naman nagtutugma ang mga impormasyong sinaad sa impormasyong nakatala sa mga mapagkakatiwalaang sources sa kasalukuyan? 🤔

Syempre, HINDI! ❌

Sa panahon ngayon, napakadali nang magpakalat sa social media ng mga "fake news" o mga artikulong may maling impormasyon na mukhang totoong balita ngunit naglalayong manloko ng tao. 📲❌📰

Ang tanong, magpapaloko ba tayo? 🤔

HINDI!❌

Pero, paano nga ba natin masasabing “Fake News” ang isang artikulo?

Ayon kay Ginoong Danilo Arao, isang propesor mula sa Unibersidad ng Pilipinas 👨🏻💼, dalawa sa mga katangiang nagpapahiwatig na maaaring "fake news" ang binabasa ay ang kakulangan sa impormasyong nilalaman at hindi katiwa-tiwala na pinagmulan. ❌📃👤

**IV.✊ HAMON**

Kaya naman, magrerekomenda si Teach ng maaari nating gawin upang masigurado na tayo’y nagbabahagi ng makatotohanang balita o impormasyon sa iba. Ito ay ang mga:

(1) Pagsasagawa ng “fact checking” o pagberipika sa mga datos na nilalaman ng mensahe. 🧐

(2) Pagbisita sa lehitimo at maaasahang website 🌐 o social media ng mga ahensya ng gobyerno

- sa DOH ⚕
https://www.doh.gov.ph/2019-nCoV ,

- o di kaya’y sa WHO
https://www.who.int/emergencies/diseases/novel-coronavirus-2019/events-as-they-happen,

at ng mga dyaryo - Manila Bulletin, Rappler, at iba pa para sa karagdagang impormasyon tungkol sa estado ng COVID-19 sa loob at labas ng bansa. I-follow natin at i-like 👍 sa Facebook para makakuha ng updated na balita.

(3) Paghahanap kung ilang beses itong nailathala sa mga mapagkakatiwalaang websites.

(4) Paniniguradong updated o tugma ang impormasyon sa kasalukuyang pangyayari. (Huwag na nating balikan ang nakaraan. ✌)

(5) Pag-iingat sa mga retrato na gumagamit ng logo ng mga lehitimong media. 🛑 (Tingnan mismo ang website o social media accounts ng lehitimong media para makasigurado na sila mismo ang nagbahagi ng teksto.)

(6) Pagtingin sa domain - .gov, .org, .edu, .com, ng URL 🌐 upang matiyak na ito’y maaasahan. (Maging mapagmatyag. 🧐)

(7) At, pagtingin kung naglathala pa ang website ng mga links ng pinagbasehan ng kanyang teksto. 📃

Ayan, alam na natin ang maaaring gawin upang makasigurado na totoo ang ating ibabahaging impormasyon sa iba. Alamin naman natin ngayon kung anong maaaring gawin kapag mayroon tayong nai-share na "Fake News".

Tandaan na nabubura naman ang ating mga post. I-delete ❌ ang post at i-report ⛔ mo na agad ang pinagmulan nito. Huwag kang mag-alala, hindi masama ang magkamali - sa mga shina- share o post 📲. Ang mahalaga, nabura ❌ o naitama mo ito bago pa maraming makabasa. Alam kong malinis ang intensyon mo, baka napaniwala ka noong una, pero pwede mo namang bawiin at itama ito. 🤗

Sa panahon ngayon, mabuti nang mag-ingat tayo sa mga pinakakalat na impormasyon. Iwasan din nating magdulot ng pangamba sa ibang tao.

Dahil dito, iiwan namin sa inyo ang isang hamon - "Always Think before you Click." 👆🏻

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Anu-ano ang mga maaasahang ahensyang pangkalusugan ng gobyerno?
🔎 Ilan ang kabuuang populasyon sa buong mundo?
🔎 Ano ang "Fake News"?
🔎 Anu-ano ang katangiang nagpapahiwatig na maaaring "fake news" ang binabasa?
🔎 Magbigay ng dalawang paraan kung paano tayo makakapagbahagi ng makatotohanang balita o impormasyon.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻👦🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."